REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

***Tanggapan ng Kalihim***
***Office of the Secretary***

Direct Line: 687-2922 / 687-4177
E-Mail: osec@deped.gov.ph.
Website: http://www.deped.gov.ph

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 228, s. 2003

JUL 14 2003

PAMBANSANG SEMINAR WORKSYAP SA FILIPINO

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Tagapamahala ng mga Paaralang Sekondarya at Elementarya

1. Ang Miriam College sa pakikipagtulungan ng Katipunan ng mga Guro sa Filipino (KAGURO), ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino na gaganapin sa Setyembre 15-17 sa AVR A at B sa Gate 1, Miriam College, Diliman, Quezon City. Ang tema ng seminar ay "Ang Pamamaraan sa Pagtuturo ng Pananaliksik, Pagsasaling-Wika, Panitikang Pilipino, Pagsulat ng Textbuk at Paghahanda ng mga Kagamitang Pampagtuturo."

2. Layunin ng seminar-worksyap na ito na:

a. Maragdagan ang kaalaman sa teorya at dulog sa pagsasaling-wika;
b. Mapahalagahan ang sariling panitikan sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang akda bilang lunsaran sa pagtuturo;
c. Maragdagan ang kaalaman hinggil sa mga pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino; at
d. Magkaroon ng higit na kaalaman at kasanayan sa iba't ibang paraan ng pananaliksik, sa pagsulat ng textbuk at paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo.

3. Ang pagsasagawa ng seminar-worksyap na ito ay isang paghahanda para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Isinasaalang-alang din ito bilang isang serbisyong pang-ekstensyon ng Departamento ng Filipino ng Kolehiyo ng Miriam at KAGURO para sa karagdagang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa Filipino.

4. Ang registration fee ay Dalawang Libo at Walong Daang Piso (PhP2,800.00) kasama ang seminar kit, dalawang agahan, tanghalian, meryenda at isang hapunan. Pinapayagang dumalo ang mga participants na magmumula sa mga pampublikong paaralan sa opisyal na oras lamang.

5. Hinihiling ang madalian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

EDILBERTO C. DE JESUS
Kalihim

Alma D. Apanay/pambansang seminar worksyap-memo
July 1, 2003

Sanggunian: Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
TEACHERS
WORKSHOPS